Original Article

Ang Paggamit ng Pagpapalit Koda at Kagustuhang Makipagtalastasan ng mga Mag-Aaral sa Pampublikong Sekondarya na Paaralan

Cherry Ann Nugal [1], Josephine Baguio [1,*]

Received: 04 May 2026; Revised: 30 May 2026;
Accepted: 05 June 2026; Published: 08 June 2026

DOI: https://doi.org/10.66074/W9C5T1L7

Abstract

Sinuri ng pag-aaral ang ugnayan ng paggamit ng pagpapalit-koda at kagustuhang makipagtalastasan sa Filipino ng mga sekondaryang mag-aaral sa pampublikong paaralan. Gumamit ito ng kwantitatibong deskriptibo-korelasyonal na disenyo at simple random sampling sa 125 mag-aaral mula sa Distrito ng Mati, Dibisyon ng Lungsod ng Mati, sa taong panuruan 2025-2026. Nangalap ng datos gamit ang inangkop at napatunayang maaasahang talatanungan, na may Cronbach's alpha na .925 para sa paggamit ng pagpapalit-koda at .966 para sa kagustuhang makipagtalastasan. Sinuri ang datos gamit ang mean, standard deviation, Pearson product-moment correlation, at multiple linear regression sa 0.05 antas ng kahalagahan. Natuklasan na nasa lalong mataas na antas ang paggamit ng pagpapalit-koda (M = 4.26, SD = 0.51), kung saan pinakamataas ang intrasentential na pagpapalit-koda (M = 4.33, SD = 0.51). Nasa lalong mataas na antas din ang kagustuhang makipagtalastasan (M = 4.26, SD = 0.49), na pinakamataas sa pananagutang pangpagkatuto (M = 4.33, SD = 0.48). May katamtaman at makabuluhang positibong ugnayan ang dalawang baryabol (r = 0.58, R^2 = 0.34, p = 0.000). Sa regression model, makabuluhang prediktor ang tatlong domeyn ng pagpapalit-koda, na may pinakamalakas na impluwensiya ang intersentential na pagpapalit-koda (Beta = 0.36). Iminumungkahi ng resulta na ang may gabay at may layuning pagpapalit-koda ay maaaring magsilbing pedagogikal na suporta sa

[1] Graduate School, Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao, Philippines
* josephinebbaguio@outlook.com

Volume 2, Special Issue 1, June 2026

pagpapalakas ng partisipasyon at komunikasyong Filipino.

Keywords: Filipino, kagustuhang makipagtalastasan, mag-aaral, pagpapalit-koda, sekondarya

1. Introduction

Sa mga multilingguwal na silid-aralan, ang wika ay hindi lamang daluyan ng aralin kundi mekanismo rin ng pagbuo ng kumpiyansa, identidad, at partisipasyon. Ang pagpapalit-koda, o ang halinhinang paggamit ng dalawa o higit pang wika sa iisang diskurso, ay karaniwang lumilitaw sa mga paaralang may magkakaugnay na gamit ng Filipino, Ingles, at lokal na wika. Sa ganitong kalagayan, nagiging mahalagang usapin kung ang pagpapalit-koda ay dapat tingnan bilang kakulangan sa purong paggamit ng isang wika o bilang mapanuring estratehiya na tumutulong sa pag-unawa, pagpapahayag, at ugnayang sosyal. Ipinapakita ng makabagong literatura na ang halinhinang paggamit ng wika ay kailangang suriin batay sa gamit, konteksto, at epekto nito sa pakikilahok ng mag-aaral, hindi lamang batay sa pamantayang monolingguwal na madalas magtakda ng mahigpit na hangganan sa wika (Bhat & Bolonyai, 2019; Gallagher, 2020; Goodman & Tastanbek, 2021).

Sa pananaw ng translanguaging at pedagohiyang multilingguwal, ang repertoire ng mag-aaral ay hindi hiwa-hiwalay na lalagyan ng wika kundi kabuuang yaman na maaaring gamitin upang makabuo ng kahulugan. Binigyang-diin nina Goodman at Tastanbek (2021) na ang paglipat mula sa simpleng lens ng codeswitching tungo sa translanguaging ay nagbibigay-daan sa guro na makita ang wika ng mag-aaral bilang lehitimong akademikong rekurso. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Rajendram (2023) na ang translanguaging ay maaaring maging agentive pedagogy sapagkat kinikilala nito ang kakayahan ng mag-aaral na pumili ng wikang mas angkop sa pagbuo ng ideya, pagbibigay ng paliwanag, at pakikilahok sa klase. Gayunman, ipinapaalala nina Ticheloven et al. (2021) na may mga hamon sa pagpapatupad nito, kabilang ang hindi malinaw na gabay sa silid-aralan, iba-ibang pananaw ng guro, at pangamba na maaaring maisantabi ang sistematikong paglinang ng target na wika.

Sa kontekstong pang-edukasyon, hindi sapat na malaman lamang kung gaano kadalas ginagamit ang pagpapalit-koda. Mahalaga ring maunawaan kung anong anyo nito ang nangingibabaw at paano ito nauugnay sa kahandaan ng mag-aaral na magsalita. Ang intrasentential na pagpapalit-koda ay nagaganap sa loob ng iisang pangungusap, samantalang ang intersentential na pagpapalit-koda ay lumilitaw sa pagitan ng mga pangungusap. Ang tag na pagpapalit-koda naman ay tumutukoy sa pagsisingit ng maiikling salita, diskurso marker, o ekspresyon mula sa ibang wika. Sa pag-aaral ni Hamdan (2023), ginamit ng mga mag-aaral ang pagpapalit-koda para sa paglilinaw, pagbibigay-diin, paghawak ng turno, pagpapahayag ng damdamin, at pagpapanatili ng daloy ng usapan. Ang ganitong resulta ay nagpapahiwatig na ang

pagpapalit-koda ay may interaksiyonal at pedagogikal na tungkulin, lalo na kung nakaugat sa aktuwal na pangangailangan ng usapan sa klase.

Kaakibat ng paggamit ng wika ang konsepto ng kagustuhang makipagtalastasan. Sa teoryang inilahad nina MacIntyre et al. (1998), ang willingness to communicate ay nakaugat sa ugnayan ng kumpiyansa, pagnanais makipag-ugnayan, saloobin sa sitwasyon, at persepsiyon sa kausap. Sa mas bagong pagsusuri ni Peng (2025), ang kagustuhang makipagtalastasan ay hindi nakatigil na katangian ng mag-aaral; ito ay nagbabago ayon sa interaksiyon, emosyon, paksa, modaliti, at sitwasyong sosyal. Kaya, kahit may sapat na kasanayan sa wika, maaaring umiwas ang mag-aaral sa pagsasalita kung mababa ang kumpiyansa, mataas ang kaba, o hindi ligtas ang kapaligiran. Sa kabaligtaran, maaaring tumaas ang partisipasyon kung ang gawain ay kolaboratibo, may kaugnayan sa karanasan ng mag-aaral, at nagbibigay ng suportang pangwika.

Sa pagtuturo ng Filipino sa sekondaryang antas, mahalagang pag-aralan ang ugnayan ng pagpapalit-koda at kagustuhang makipagtalastasan sapagkat ang dalawang ito ay direktang may kinalaman sa pagbuo ng aktibong diskurso sa silid-aralan. Maaaring makatulong ang pagpapalit-koda sa mga mag-aaral na ilahad ang ideya kapag hindi agad makuha ang salitang Filipino, ngunit maaari rin itong maging hamon kung walang malinaw na tunguhin sa paglinang ng kasanayang pangwika. Ipinapakita ng mga pag-aaral sa classroom bilingual space na ang code-switching ay higit na kapaki-pakinabang kapag ginagamit nang may layunin, halimbawa sa pagpapalinaw ng konsepto, pag-uugnay ng dating kaalaman at bagong paksa, at paglikha ng mas mababang hadlang sa komunikasyon (Gallagher, 2020; Peng, 2020; Zarrinabadi et al., 2021).

Sa kabila ng lawak ng pananaliksik tungkol sa pagpapalit-koda at translanguaging, nananatiling mahalaga ang empirikal na datos mula sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa lokal na konteksto. Ang mga umiiral na pag-aaral ay madalas nakatuon sa Ingles bilang pangalawang wika, samantalang mas kaunti ang tuwirang pagsusuri sa Filipino bilang wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa loob at labas ng klase. Sa gayon, nilayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang antas ng paggamit ng pagpapalit-koda ng mga mag-aaral, sukatin ang kanilang kagustuhang makipagtalastasan sa Filipino, alamin ang ugnayan ng dalawang baryabol, at tukuyin kung aling domeyn ng pagpapalit-koda ang may makabuluhang impluwensiya sa kagustuhang makipagtalastasan.

2. Methodology

Gumamit ang pag-aaral ng kwantitatibong deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang mailarawan ang antas ng paggamit ng pagpapalit-koda at ang antas ng kagustuhang makipagtalastasan, gayundin upang masuri ang ugnayan at prediktibong ambag ng mga domeyn ng pagpapalit-koda. Ang ganitong disenyo ay angkop sapagkat walang minanipulang baryabol at ang pangunahing layunin ay masukat ang umiiral na ugnayan batay sa numerikal na datos mula sa mga kalahok. Alinsunod sa lohika ng

survey research na inilarawan nina Creswell at Creswell (2023), ginamit ang estrukturadong talatanungan upang makakuha ng sistematiko at maihahambing na tugon mula sa mga mag-aaral.

Ang mga kalahok ay 125 sekondaryang mag-aaral mula sa mga pampublikong paaralan sa Distrito ng Mati, Dibisyon ng Lungsod ng Mati, sa taong panuruan 2025-2026. Ang bilang na ito ay kinuha mula sa tinatayang populasyong 200 mag-aaral gamit ang pormula ni Slovin sa 0.05 margin of error. Isinagawa ang simple random sampling upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang bawat kwalipikadong mag-aaral na mapasama sa pag-aaral. Kabilang sa mga isinama ang mga mag-aaral na kasalukuyang naka-enrol, regular na pumapasok, may kakayahang umunawa at tumugon sa talatanungan, at boluntaryong pumayag matapos maipaliwanag ang layunin at saklaw ng pag-aaral. Hindi isinama ang mga mag-aaral na hindi regular ang pagpasok o may kondisyong maaaring makaapekto sa maaasahang paglahok.

Ang instrumento ay inangkop at binuo bilang talatanungang may dalawang pangunahing bahagi. Sinukat ng unang bahagi ang paggamit ng pagpapalit-koda batay sa tatlong domeyn: intrasentential, intersentential, at tag na pagpapalit-koda. May tiglilimang pahayag ang bawat domeyn, kaya binubuo ito ng 15 aytem. Sinukat ng ikalawang bahagi ang kagustuhang makipagtalastasan sa Filipino batay sa limang domeyn: komunikatibong kumpiyansa sa sarili, sitwasyonal na konteksto ng paggamit ng wika, kagiliwan sa paksa, pananagutang pangpagkatuto, at komunikasyong labas sa pormal na klase. May tiglilimang pahayag din ang bawat domeyn, kaya binubuo ito ng 25 aytem. Ginamit ang 5-point Likert scale mula 1, lubos na hindi sumasang-ayon, hanggang 5, lubos na sumasang-ayon. Ang interpretasyon ng mean ay itinakda sa sumusunod na saklaw: 4.20 hanggang 5.00, lalong mataas; 3.40 hanggang 4.19, mataas; 2.60 hanggang 3.39, katamtaman; 1.80 hanggang 2.59, mababa; at 1.00 hanggang 1.79, lalong mababa.

Bago ang aktuwal na pangangalap ng datos, ipinasuri ang talatanungan sa mga eksperto sa edukasyong pangwika, pananaliksik, at pagtuturo ng Filipino upang matiyak ang kaugnayan, kalinawan, at angkop na gamit ng wika. Isinagawa rin ang pilot testing sa 30 mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na kalahok. Ang pagsusuri sa reliabilidad ay nagpakita ng mataas na panloob na konsistensi, na may Cronbach's alpha na .925 para sa panukat sa pagpapalit-koda at .966 para sa panukat sa kagustuhang makipagtalastasan. Batay sa mga komentaryo ng mga tagasuri at puna mula sa pilot testing, inayos ang ilang pahayag upang maging higit na malinaw, kontekstuwal, at angkop sa antas ng mga sekondaryang mag-aaral.

Nagsimula ang pangangalap ng datos matapos makuha ang kinakailangang pahintulot mula sa kaukulang tanggapan ng graduate school, dibisyon, at mga paaralang kalahok. Ipinaliwanag sa mga mag-aaral ang layunin ng pag-aaral, boluntaryong paglahok, karapatang umatras, at pag-iingat sa kanilang pagkakakilanlan. Ang mga talatanungan ay ipinamahagi sa mga piling kalahok, sinagot sa loob ng itinakdang oras, at nirepaso upang matiyak ang pagiging kumpleto ng mga tugon. Walang pangalan o personal na pagkakakilanlan ang isinama sa dataset. Inencode ang datos sa statistical software at sinuri gamit ang mean at standard

deviation para sa deskriptibong resulta, Pearson product-moment correlation para sa ugnayan ng dalawang baryabol, at multiple linear regression para matukoy ang prediktibong ambag ng intrasentential, intersentential, at tag na pagpapalit-koda sa kagustuhang makipagtalastasan. Itinakda ang antas ng kahalagahang estadistikal sa 0.05.

3. Results

Sa kabuuan (Talahanayan 1), ang paggamit ng pagpapalit-koda ay may mean na 4.26 at SD na 0.51. Ang intrasentential na pagpapalit-koda ang may pinakamataas na domain mean na 4.33 (SD = 0.51), sinundan ng tag na pagpapalit-koda na 4.24 (SD = 0.49) at intersentential na pagpapalit-koda na 4.22 (SD = 0.52).

Talahanayan 1. Buod ng paggamit ng pagpapalit-koda ng mga mag-aaral.

Domeyn	SD	Mean	Palarawang Katumbas
Intrasentential	0.51	4.33	Lalong Mataas
Intersentential	0.52	4.22	Lalong Mataas
Tag	0.49	4.24	Lalong Mataas
Pangkalahatan	0.51	4.26	Lalong Mataas

Sa kabuuan (Talahanayan 2), ang kagustuhang makipagtalastasan ay may mean na 4.26 at SD na 0.49. Ang pinakamataas na domain mean ay nasa pananagutang pangpagkatuto na 4.33 (SD = 0.48), sinundan ng komunikasyong labas sa pormal na klase na 4.32 (SD = 0.50), kagiliwan sa paksa na 4.30 (SD = 0.46), sitwasyonal na konteksto ng paggamit ng wika na 4.19 (SD = 0.51), at komunikatibong kumpiyansa sa sarili na 4.17 (SD = 0.52).

Talahanayan 2. Buod ng kagustuhang makipagtalastasan ng mga mag-aaral.

Domeyn	SD	Mean	Palarawang Katumbas
Komunikatibong kumpiyansa sa sarili	0.52	4.17	Mataas
Sitwasyonal na konteksto	0.51	4.19	Mataas
Kagiliwan sa paksa	0.46	4.30	Lalong Mataas
Pananagutang pangpagkatuto	0.48	4.33	Lalong Mataas
Komunikasyong labas sa pormal na klase	0.50	4.32	Lalong Mataas
Pangkalahatan	0.49	4.26	Lalong Mataas

Ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng pagpapalit-koda at kagustuhang makipagtalastasan ay $r = 0.58$, $R^2 = 0.34$, at p-value = 0.000 (Talahanayan 3). Batay sa iniulat na desisyon, tinanggihan ang Ho1.

Talahanayan 3. Ugnayan ng paggamit ng pagpapalit-koda at kagustuhang makipagtalastasan.

Mga Baryabol	r	Antas ng Ugnayan	p-value	Desisyon
Paggamit ng pagpapalit-koda	0.58	Katamtaman	0.000	Tinanggihan ang Ho1
Kagustuhang makipagtalastasan				

Sa multiple linear regression (Talahanayan 4), ang modelo ay may $R = 0.67$, $R^2 = 0.45$, $F = 52.87$, at p-value = 0.000. Ang pinakamataas na beta ay para sa intersentential na pagpapalit-koda (B = 0.38, SE = 0.34, Beta = 0.36, t = 4.11, p-value = 0.000), sinundan ng intrasentential (B = 0.36, SE = 0.32, Beta = 0.35, t = 3.98, p-value = 0.000) at tag na pagpapalit-koda (B = 0.34, SE = 0.31, Beta = 0.33, t = 3.79, p-value = 0.000).

Talahanayan 4. Regression analysis ng mga domeyn ng pagpapalit-koda sa kagustuhang makipagtalastasan.

Mga Domeyn	B	SE	Beta	t-stat	p-value	Desisyon
Constant	1.38	0.35		3.94	0.000	Makabuluhan
Intrasentential	0.36	0.32	0.35	3.98	0.000	Makabuluhan
Intersentential	0.38	0.34	0.36	4.11	0.000	Makabuluhan
Tag na pagpapalit-koda	0.34	0.31	0.33	3.79	0.000	Makabuluhan

4. Discussion

Ipinakikita ng mataas na antas ng paggamit ng pagpapalit-koda na ang mga mag-aaral ay hindi lamang gumagamit ng dalawang wika bilang pansamantalang kapalit ng kakulangan sa bokabularyo. Sa halip, ginagamit nila ang dalawang wika bilang praktikal na kagamitan sa pagbuo ng kahulugan, pag-aayos ng diskurso, at pagpapadali ng pagkatuto. Ang ganitong pagbasa ay tugma sa paliwanag nina Bhat at Bolonyai (2019) na kailangang pag-ugnayin ang code-switching at translanguaging sa mas malawak na pagtingin sa repertoryong multilingguwal. Sa konteksto ng resulta, ang mataas na mean ng intrasentential na pagpapalit-koda ay maaaring magpahiwatig na higit na nagiging madali para sa mga mag-aaral na isingit ang salitang mas pamilyar sa loob ng pangungusap kaysa huminto sa daloy ng pagpapahayag upang humanap ng eksaktong salin.

Ang nangibabaw na intrasentential na pagpapalit-koda ay mahalaga sapagkat ito ang anyong pinakamalapit sa aktuwal at mabilis na pagbuo ng ideya sa pang-araw-araw na diskurso. Sa pag-aaral ni Hamdan (2023), lumitaw na ang code-switching ay

may tungkuling referential, expressive, clarification, discourse marker, at emphasis. Ang mga tungkuling ito ay makikita rin sa kasalukuyang resulta, lalo na sa mataas na mean ng pahayag tungkol sa mas epektibong pagkatuto kapag gumagamit ng dalawang wika sa iisang pangungusap. Sa ganitong lente, ang pagpapalit-koda ay hindi dapat agad ituring na paglihis mula sa Filipino, kundi paraan upang mapanatili ang tuloy-tuloy na partisipasyon habang pinauunlad pa ang mas eksaktong kasanayan sa Filipino.

Ang intersentential na pagpapalit-koda ang may pinakamalakas na prediktibong ambag sa kagustuhang makipagtalastasan. Maaaring ipaliwanag ito sa pamamagitan ng istruktural na kalinawan ng paglipat sa pagitan ng pangungusap: nagkakaroon ang mag-aaral ng pagkakataong tapusin muna ang isang ideya bago pumili ng wikang pinakamainam para sa kasunod na paliwanag. Sa pananaw ni Gallagher (2020), ang silid-aralan ay maaaring maging bilingual space kung saan may pedagogikal na dahilan ang paglipat ng wika. Kapag ang intersentential na paglipat ay ginamit sa pagpapaliwanag, paglilinaw, o pag-uugnay ng konsepto, nababawasan ang cognitive at affective pressure sa pagsasalita at mas lumalakas ang intensyon ng mag-aaral na makibahagi.

Ang mataas na kagustuhang makipagtalastasan ay nagpapakita na ang mga kalahok ay may positibong disposisyon sa paggamit ng Filipino sa interaksiyong pangklase at di-pormal na usapan. Ang resulta ay nakaayon sa konsepto nina MacIntyre et al. (1998) na ang kagustuhang makipagtalastasan ay nakabatay sa ugnayan ng kumpiyansa, kausap, sitwasyon, at mithiin ng komunikasyon. Sa mas bagong sintesis ni Peng (2025), ang WTC ay dynamic at ecological: nagbabago ito ayon sa aktibidad, paksa, guro, kapwa mag-aaral, at modaliti. Kaya, ang mataas na marka sa pananagutang pangpagkatuto at komunikasyong labas sa pormal na klase ay nagpapakita na mahalaga ang konteksto ng ligtas na pagsasanay, hindi lamang ang pormal na kahusayan sa wika.

Kapansin-pansin na ang pinakamataas na domeyn ng kagustuhang makipagtalastasan ay pananagutang pangpagkatuto. Ipinahihiwatig nito na nakikita ng mga mag-aaral ang aktibong pagtatanong, paghingi ng paliwanag, at pagsagot bilang bahagi ng sariling pag-unlad. Sa pag-aaral nina Zarrinabadi et al. (2021), ang suporta sa awtonomiya ng mag-aaral ay may kaugnayan sa pagbuo ng language mindsets at willingness to communicate. Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay maaaring basahin sa parehong direksiyon: kapag nararamdaman ng mag-aaral na may karapatan siyang magtanong at gumamit ng wikang nakatutulong sa pag-unawa, mas malaki ang tsansang makilahok siya sa komunikasyon.

Ang katamtaman ngunit makabuluhang ugnayan ng pagpapalit-koda at kagustuhang makipagtalastasan ay nagpapakita na ang code-switching ay mahalagang salik, ngunit hindi nag-iisang paliwanag sa kahandaan ng mag-aaral na magsalita. Sinusuportahan ito ng pagsusuri ni Peng (2025) na ang WTC ay pinaiikot ng maraming salik, gaya ng emosyon, classroom climate, paksa, relasyon, at karanasan sa tagumpay o pagkakamali. Gayundin, ipinakita nina Ro at Burch (2020) na ang willingness to communicate ay lumilitaw sa aktuwal na gawi at maaaring magbago habang umuunlad ang interaksiyon. Dahil dito, ang 34% na paliwanag ng pagpapalit-koda sa pagbabago

ng kagustuhang makipagtalastasan ay makabuluhan, ngunit kailangan pa ring kilalanin ang iba pang impluwensiya gaya ng estratehiya ng guro, peer support, takot sa pagwawasto, at kabuluhan ng paksa.

Ang regression model na nagpaliwanag ng 45% ng pagbabago sa kagustuhang makipagtalastasan ay nagbibigay ng mas matibay na batayan upang ituring ang tatlong anyo ng pagpapalit-koda bilang magkakaugnay na pedagogikal na rekurso. Hindi dapat paghiwalayin nang labis ang intrasentential, intersentential, at tag na pagpapalit-koda dahil maaaring iba-iba ang tungkulin ng bawat isa sa isang talakayan. Sa mga gawaing nangangailangan ng mabilis na paglilinaw, maaaring lumitaw ang tag at intrasentential na anyo; sa mga gawaing nangangailangan ng mas mahahabang paliwanag, maaaring mas gumana ang intersentential. Ipinapakita ni Rajendram (2023) na ang translanguaging ay nagiging agentive kapag may espasyo ang mag-aaral na gamitin ang buong repertoir upang ipaliwanag ang konsepto, samantalang ipinapaalala nina Ticheloven et al. (2021) na kailangan ang malinaw na alituntunin upang hindi mawala ang layunin ng paglinang ng target na wika.

Mahalaga ring isaalang-alang ang balanse. Hindi iminumungkahi ng resulta na palitan ang sistematikong pagtuturo ng Filipino ng walang gabay na paghahalo ng wika. Sa halip, sinusuportahan nito ang makatuwirang paggamit ng pagpapalit-koda bilang scaffolding habang pinauunlad ang mas malalim na kasanayang Filipino. Ang ganitong pananaw ay kaayon ng obserbasyon nina Goodman at Tastanbek (2021) na ang teacher education ay kailangang lumipat mula sa pagtingin sa codeswitching bilang simpleng paglabag tungo sa pagtingin dito bilang pagkakataon para sa metalingguwistikong pagkatuto. Sa praktikal na antas, maaaring turuan ang mag-aaral kung kailan kapaki-pakinabang ang pagpapalit-koda, kailan kailangang bumalik sa mas pormal na Filipino, at paano isinasalin o pinapanday ang terminong hiram upang lumawak ang bokabularyo.

Sa kabuuan, pinatitibay ng pag-aaral ang argumento na ang aktibong komunikasyon sa Filipino ay hindi kailangang ihiwalay sa umiiral na multilingguwal na realidad ng mga mag-aaral. Ang mas produktibong direksiyon ay ang pagdisenyo ng mga gawaing nagbibigay ng ligtas na espasyo sa pagsubok, paglilinaw, at pagwawasto. Ipinakita nina Sato at Dussuel Lam (2021) na ang metacognitive instruction ay maaaring magpataas ng WTC at aktuwal na paggamit ng wika, samantalang ipinakita nina Shen et al. (2022) na ang digital storytelling at transmediation ay maaaring magpalakas ng kagustuhang makipagtalastasan sa kontekstong L2. Kung ilalapat sa Filipino, maaaring gamitin ng mga guro ang pagpapalit-koda bilang pansuportang hakbang, ngunit kailangang nakatuon ito sa mas mataas na layunin: mas malinaw na pag-unawa, mas matapang na pagsasalita, at mas matatag na paglinang ng kakayahang makipagtalastasan sa Filipino.

5. Conclusion

Natuklasan sa pag-aaral na ang paggamit ng pagpapalit-koda ng mga sekondaryang mag-aaral ay nasa lalong mataas na antas, na may pinakamataas na

marka sa intrasentential na pagpapalit-koda. Nasa lalong mataas na antas din ang kagustuhang makipagtalastasan, lalo na sa pananagutang pangpagkatuto at komunikasyong labas sa pormal na klase. Lumitaw ang katamtaman ngunit makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng pagpapalit-koda at kagustuhang makipagtalastasan, at ipinakita ng regression model na ang tatlong domeyn ng pagpapalit-koda ay may makabuluhang impluwensiya sa kagustuhang makipagtalastasan. Pinakamalakas ang impluwensiya ng intersentential na pagpapalit-koda, sinundan ng intrasentential at tag na pagpapalit-koda.

Batay sa mga resulta, ang pagpapalit-koda ay maaaring ituring na makabuluhang pedagogikal na rekurso sa pagtuturo ng Filipino kapag ito ay ginagamit nang may malinaw na layunin, gabay, at pagbalik sa pagpapaunlad ng kasanayang Filipino. Iminumungkahi na bumuo ang mga guro at paaralan ng mga gawaing nagbibigay ng ligtas na espasyo para sa pagsasalita, pagtatanong, paglilinaw, at responsableng paggamit ng dalawang wika. Mahalaga ring magsagawa ng mga susunod na pag-aaral gamit ang mas malawak na bilang ng kalahok, ibang dibisyon o uri ng paaralan, at posibleng mixed-methods na disenyo upang masuri hindi lamang ang antas at ugnayan ng mga baryabol kundi pati ang aktuwal na diskurso sa silid-aralan.

Acknowledgment

Taos-pusong pasasalamat ang ipinaaabot sa lahat ng tagasuri para sa kanilang mahahalagang puna at mungkahi, na nakatulong sa may-akda upang mapahusay ang kalidad ng manuskrito.

Conflict of Interest Statement

Ipinahahayag ng mga may-akda na wala silang salungatan ng interes.

References

Bhat, R. M., & Bolonyai, A. (2019). Code-switching and translanguaging. In J.-O. Ostman & J. Verschueren (Eds.), Handbook of pragmatics (Vol. 22, pp. 61-78). John Benjamins Publishing Company. https://doi.org/10.1075/hop.22.cod2

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (6th ed.). SAGE.

Gallagher, F. (2020). Considered in context: EFL teachers' views on the classroom as a bilingual space and codeswitching in shared-L1 and multilingual contexts. *System, 91*, Article 102262. https://doi.org/10.1016/j.system.2020.102262

Goodman, B., & Tastanbek, S. (2021). Making the shift from a codeswitching to a translanguaging lens in English language teacher education. *TESOL Quarterly, 55*(1), 29-53. https://doi.org/10.1002/tesq.571

Hamdan, H. (2023). Functions of student code-switching in a Bruneian classroom. *Southeast Asia: A Multidisciplinary Journal, 23*(1), 55-69. https://doi.org/10.1108/SEAMJ-01-2023-0007

MacIntyre, P. D., Dornyei, Z., Clement, R., & Noels, K. A. (1998). Conceptualizing willingness to communicate in a L2: A situational model of L2 confidence and affiliation. *The Modern Language Journal, 82*(4), 545-562. https://doi.org/10.1111/j.1540-4781.1998.tb05543.x

Peng, J.-E. (2020). Teacher interaction strategies and situated willingness to communicate. *ELT Journal, 74*(3), 307-317. https://doi.org/10.1093/elt/ccaa012

Peng, J.-E. (2025). Willingness to communicate in a second language. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781009417884

Rajendram, S. (2023). Translanguaging as an agentive pedagogy for multilingual learners: Affordances and constraints. *International Journal of Multilingualism, 20*(2), 595-622. https://doi.org/10.1080/14790718.2021.1898619

Ro, E., & Burch, A. R. (2020). Willingness to communicate/participate in action: A case study of changes in a recipient's practices in an L2 book club. *Linguistics and Education, 58*, Article 100821. https://doi.org/10.1016/j.linged.2020.100821

Sato, M., & Dussuel Lam, C. (2021). Metacognitive instruction with young learners: A case of willingness to communicate, L2 use, and metacognition of oral communication. *Language Teaching Research, 25(*6), 899-921. https://doi.org/10.1177/13621688211004639

Shen, X., Hao, C., & Peng, J. (2022). Promoting EFL learners' willingness to communicate through transmediation in a digital storytelling workshop. *Journal of Multilingual and Multicultural Development, 45*(8), 3109-3126. https://doi.org/10.1080/01434632.2022.2086257

Ticheloven, A., Blom, E., Leseman, P., & McMonagle, S. (2021). Translanguaging challenges in multilingual classrooms: Scholar, teacher and student perspectives. *International Journal of Multilingualism, 18*(3), 491-514. https://doi.org/10.1080/14790718.2019.1686002

Zarrinabadi, N., Lou, N. M., & Shirzad, M. (2021). Autonomy support predicts language mindsets: Implications for developing communicative competence and willingness to communicate in EFL classrooms. *Learning and Individual Differences, 86*, Article 101981. https://doi.org/10.1016/j.lindif.2021.101981

Author Contributions: Nugal, C.A., Baguio, J.; Study design, method conception, data collection, data analysis and manuscript writing